

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos na sa Kanya, mararanasan natin ang Kanyang kapayapaan at kalayaan. Pasalamatang Siya na maaari kang lumapit sa Kanya anumang oras nang walang takot.
- Hilingin sa Diyos na iparanas sa iyo ang Kanyang kapayapaan sa iyong mga sitwasyon. Ibigay sa Kanya ang anumang pangamba o alalahanin na nararamdaman mo.
- Ipanalangin ang mga taong kilala mo na nangangailangang maranasan din ang kapayapaan ng Diyos. Ipanalangin na sila ay mananampalataya sa Kanya at makakikilala sa Kanyang kapayapaan.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

# AWESOME GOD

## Ang Kapayapaan ng Diyos

WEEK 2

## WARM-UP

- Anong pagkain ang hindi mo gusto? Ano ang hindi mo nagustuhan dito?
- Ibahagi ang isang panahon kung kailan ang inaasahan mo ay hindi tugma sa katotohanan. Paano ka tumugon?
- Ano ang isang bagay na kinatatakutan mo? Bakit?

**WORD** <sup>11</sup>*Pagkatapos, dumating ang anghel ng Panginoon sa Ofra. Naupo siya sa ilalim ng puno ng terebinto na pag-aari ni Joash na mula sa angkan ni Abiezer. Si Gideon na anak ni Joash ay naggigiik noon ng trigo sa ilalim ng pisaan ng ubas para hindi makita ng mga Midianita ang trigo.*  
<sup>12</sup>*Nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon at sinabi, "Ikaw, magiting na sundalo, ang Panginoon ay sumasaiyo."*

**MGA HUKOM 6:11,12**

(Basahin din ang **MGA HUKOM 6:13-24; MGA TAGA-ROMA 5:1.**)

Taon-taon, sinasalakay ng mga Midianita ang mga Israelita at kinukuha ang kanilang trigo. Upang itago ang mga trigo sa mga mananalakay, ginigiik ito ni Gideon sa ilalim ng pisaan ng ubas. Walang kapayapaan o kasiguruhan sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Subalit ang anghel ng Panginoon ay tinawag si Gideon na *magiting na sundalo*, kahit pa hindi ito tugma sa kung paano nakikita ni Gideon ang kanyang sarili at sa kanyang mga ikinikilos. Tingnan natin kung ano ang natutunan ni Gideon tungkol sa kahulugan ng pagkakaroon ng kapayapaan ng Diyos.

## 1 | Binibigyan tayo ng Diyos ng kapayapaan sa ating mga sitwasyon.

<sup>13</sup>Sumagot si Gideon, “Kung sumasaamin nga ang Panginoon, bakit ganito ang kalagayan namin? Bakit hindi na siya gumagawa ng mga himala gaya ng ginawa niya noon nang inilabas niya sa Egipto ang aming mga ninuno, ayon na rin sa mga kwento nila sa amin? At ngayon, pinabayaan na kami ng Panginoon at ipinaubaya sa mga Midianita.” <sup>14</sup>Sinabi ng Panginoon kay Gideon, “Humayo ka at gamitin ang buong lakas mo sa pagliligtas sa Israel mula sa mga Midianita. Ako ang nagsusugo sa iyo.”

<sup>15</sup>Sumagot si Gideon, “Pero paano ko po maililigtas ang Israel? Ang pamilya po namin ang pinakamahina sa lahi ni Manase at ako naman po ang pinakaaba sa pamilya namin.” <sup>16</sup>Sumagot ang Panginoon, “Tutulungan kita at lilipulin mo ang mga Midianita na parang nakikipaglaban ka lang sa isang tao.” **MGA HUKOM 6:13-16**

Si Gideon ay nakatuon sa kasalukuyang realidad ng pagsalakay ng mga Midianita. Subalit ang Diyos ay tumuon sa kasalukuyang realidad at sa Kanyang presensya sa realidad na ito. Magpapadala ang Diyos ng isang tagapagligtas ng Israel at mananatili Siyang kapiling nito. Ang presensya ng Diyos sa ating realidad ang nagdadala ng kapayapaan, kabuuan at kalayaan sa ating mga buhay. Paano mo naranasan ang kapayapaan ng Diyos sa isang mahirap na sitwasyon?

---

---

---

---

---

## 2 | Binibigyan tayo ng Diyos ng kapayapaan sa Kanya.

<sup>22</sup>Napatunayan ni Gideon na anghel nga ng Panginoon ang nakita niya, sinabi niya, “O Panginoong Diyos, nakita ko po nang harapan ang anghel ninyo.” <sup>23</sup>Pero sinabihan siya ng Panginoon, “Huwag kang mag-alala at matakot. Hindi ka mamamatay.”

<sup>24</sup>Nagpatayo roon si Gideon ng altar para sa Panginoon at tinawag niya itong, “Nagbibigay ng Kapayapaan ang Panginoon.” Hanggang ngayon, naroon pa rin iyon sa Ofra, sa lugar ng mga angkan ni Abiezer. **MGA HUKOM 6:22-24**

Sa kultura ng mga Israelita noong panahon na iyon, ang makita ang anghel ng Diyos ay tulad na rin ng pagkakita sa mukha ng Diyos. Dahil sa kabanalan ng Diyos, ang makita ang Kanyang mukha ay nangangahulugan ng kamatayan. Subalit agad na tiniyak ng anghel kay Gideon na wala siyang dapat na ikatakot. Hindi naparoon ang Diyos upang wasakin si Gideon, kundi dumating Siya nang may kapayapaan. Tayo rin ay maaaring magkaroon ng kapayapaan sa Diyos at hindi matakot sa kamatayan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ginawa ni Jesu-Cristo para sa atin (Mga Taga-Roma 5:1). Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan magkasabay mong naunawaan ang kabanalan at kapayapaan ng Diyos. Paano nito binago ang iyong buhay at pananaw?

---

---

---

---

---

### APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang kapayapaan ng Diyos sa iyong buhay? Pag-isipan ang Mga Taga-Filipos 4:7 at kung paano nito inilalarawan ang kapayapaan ng Diyos.
- Mayroon bang sitwasyon kung saan hinihiling mo ang kapayapaan ng Diyos? Paano ka makapaglalaan ng oras upang mangusap ang Diyos sa iyong sitwasyon ngayong linggo?
- Sa piling ng Diyos, nagiging buo tayo. Ano ang isang bagay na magagawa mo upang matulungan kang maalala na ang Diyos ang iyong kapayapaan?